**International Journal of Research Studies in Education**
2026 Volume 15 Number 12, 155-166

# Kamalayan ng mga mag-aaral sa tuntunin sa wastong paggamit ng bantas




Mesias, Jovan D. ✉
*Leyte Normal University, Philippines (1905695@lnu.edu.ph)*

**Received**: 29 April 2026 **Revised**: 13 May 2026 **Accepted**: 14 May 2026
**Available Online**: 15 May 2026 **DOI**: 10.5861/ijrse.2026.26195

ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

***Abstract***

Punctuation is not a design in written text, but it plays a significant role in the overall function of the output because it completes the idea that the sender wants to convey. It also serves as a guide to the true meaning of the message. Hence, it is imperative to have adequate awareness of the rules for correct punctuation usage. However, one of the challenges teachers face inside the classroom is the frequent incorrect use of punctuations by students. From that, a descriptive-quantitative study was conducted to 155 senior high school students from one of the public high schools in Dulag, Leyte, selected through stratified sampling. The study aims to determine the reading materials they read, their reasons for reading, and their level of awareness on the rules for correct usage of punctuations based on the Commission on Official Languages Manual. Results of the study revealed that most student respondents read newspaper articles, with broadening their knowledge being the primary reason for reading. It was also found out in the study that student respondents were aware of 10 punctuations, while they were moderately aware of 6 punctuations. The study recommends that teachers should encourage their students to read more materials to become more familiar with the sentence structure, and the use of punctuations. Additionally, further studies should be conducted to determine the relationship between the frequency of reading resource materials and awareness of correct punctuation usage.

***Keywords:*** reading materials, reading, awareness, rules, punctuation

© The Author(s) / Attribution-NonCommercial-NoDerivs CC BY-NC-ND

# Kamalayan ng mga mag-aaral sa tuntunin sa wastong paggamit ng bantas

## 1. Abstrak

Ang bantas ay hindi lamang disenyo sa mga sulatin, kundi ito ay nagtataglay ng mahalagang papel sapagkat kinokompleto nito ang pangkalahatang ideyang nais ihayag. Nagsisilbi rin itong giya sa tunay na kahulugan ng mensahe. Samakatuwid, kinakailangang magkaroon ng sapat na kamalayan sa wastong paggamit nito. Subalit, isa sa mga hamong kinahaharap ng mga guro sa klase ay kalimitang pagkakamali sa wastong paggamit ng bantas. Kaya, isang deskriptib-kwantitatib na pag-aaral ang isinagawa sa 155 na mga mag-aaral ng baitang 11 at 12 sa isa sa mga mataas na pampublikong paaralan ng bayan ng Dulag, Leyte, na pinili gamit ang *stratified sampling*. Nilayon ng pag-aaral na ito na alamin ang mga babasahing binabasa ng mga mag-aaral, dahilan ng kanilang pagbabasa, at ang kanilang antas ng kamalayan sa tuntunin sa wastong paggamit ng bantas batay sa Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) Manwal sa Masinop na Pagsulat. Resulta sa pag-aaral na ito ay nagpapakita na maraming respondenteng mag-aaral ang nagbabasa ng artikulo sa pahayagan. Pagpapalawak ng kaalaman naman ang pinakadahilan ng kanilang pagbabasa. Natuklasan din ng pananaliksik na sila ay may kamalayan sa 10 bantas habang may katamtamang kamalayan naman sa 6 bantas batay sa libro ng KWF. Mula rito, inirerekomenda ng mananaliksik na mas lalong hikayatin ang mga mag-aaral na magbasa ng mga babasahin upang mas maging pamilyar sa estruktura ng pangungusap at pagkakabuo nito. Magsagawa rin ng pag-aaral upang suriin ang relasyon ng dalas ng pagbabasa sa mga babasahin at antas ng kamalayan sa wastong paggamit ng bantas.

***Susing salita:*** babasahin, pagbasa, kamalayan, tuntunin, bantas

## 2. Introduksiyon

Isinasaad sa pangkalahatang layunin ng *K-12 Curriculum* ay makalinang ng isang buo at ganap na Pilipinong may kapaki-pakinabang na literasi. Kaya, kailangang malinang at mahubog ang mga mag-aaral sa pangunahing kasanayan tulad ng pagsulat. Isa sa napakahalagang kasanayan na dapat magkaroon ang isang mag-aaral ay ang kasanayan sa pagsulat sapagkat sa pagsulat ay kailangang marunong sa paggamit hindi lamang ng mga salita, kundi sa paggamit din ng bantas. Binanggit nina Arquiola et al. (2022) sa kanilang papel pananaliksik na ang pagsulat ay isa sa mga napakahalagang kasanayang dapat madebelop ng isang tao. Samakatuwid, kinakailangang magkaroon ng mataas na kasanayan hindi lamang sa estruktura ng pangungusap, kundi pati na rin paano ang wastong paggamit ng mga bantas.

Subalit, hindi maipagkakailang marami ang nalilito sa wastong paggamit ng mga ito at kalimitang marami ang nagkakamali rito. Binigyang-diin ng *Philippine Revolution Web Central* (2023) na ang pagkakaroon ng mababang kasanayan ng mga mag-aaral sa makrong kasanayang pagsulat ay hamon sa pagtatamo ng isinasaad na layunin ng *K-12 Curriculum*. Sa katunayan, sa pag-aaral na isinagawa ni Alhusban (2016), natuklasang maraming kabataan ang hindi marunong sa kahalagahan ng tamang paggamit ng bantas sa pagsulat. Isa sa mga mahalagang salik na nakaaapekto rito ay ang pagpasok ng teknolohiya na unti-unti nang nagbubunsod ng paglimot sa wastong paggamit ng bantas.

Parehong resulta ang natuklasan sa pag-aaral nina Ibañez at Bruma (2025) na kung saan sinuri nila kung paano ginagamit ng mga mag-aaral ng baitang 10 ng *Celestino G. Tabuena Memorial National High School*, Lungsod ng Sorsogon ang mga salita sa sosyal midya. Sa pananaliksik nila ay natuklasan na ang mga mag-aaral ay may hindi sapat na kaalaman sa paggamit ng wastong bantas. May pagkakamali rin sa antas ng pormalidad ng wikang gamit, may kalituhan sa pagbabaybay at may pagkakamali sa payak na pangungusap na hindi organisado ang nilalaman nito.

Sinuri naman sa pag-aaral ni Gabatino (2026) ang mga sintaktikal na pagkakamali sa mga sanaysay na mapanghikayat ng 50 mag-aaral ng baitang 10 na kabilang sa *Cookery* at *Information and Communication*

*Technonology (ICT)* ng *Doña Francisca Lacsamana De Ortega Memorial National High School*, Lungsod ng La Union. Natuklasan sa pag-aaral na ito na ang karaniwang pagkakamali sa kanilang mga sulatin ay maling gamit ng salita, nakalilimutang paglalagay ng mga bantas, maling ayos ng pangungusap at *subject-verb agreement* na pagkakamali. Napag-alaman pa ng pag-aaral na ang pinakamalaking salik sa mga suliraning ito ay kakulangan ng *exposure* sa mga akademikong sulatin. Kaya, isa sa mga rekomendasyon ng pag-aaral ay bigyan ng mas marami pang babasahin ang mga mag-aaral.

Isa pang pag-aaral ukol sa pagsusuri sa karaniwang kamalian sa sanaysay na mapanghikayat ang isinagawa naman ni Luchina (2026). Subalit, ang pokus naman sa kanyang papel pananaliksik ay gramatikal na kamalian sa mga awtput na sulatin ng mga mag-aaral ng baitang 10 ng *Baringcucurong National High School*, Bayan ng Suyo, Ilocus Sur. Resulta ng pag-aaral ay nagpapakita na mula sa 68 sanaysay na mapanghikayat na may 150-200 salita, ang pinakaulit-ulit na pagkakamali ay una ang maling paggamit ng mga salita, sinundan ng maling paggamit ng *preposition* at *article*. Kasunod dito ang maling paggamit ng mga bantas lalo na ang kuwit, tuldok, gitling at tutuldok.

Sa kabilang banda, sa isinagawang *metadiscourse* sa mga akademikong sulatin ng mga mag-aaral ng *senior high school* ng *Area IV*, Dibisyon ng Batangas na kung saan may 54 kaguruang tumugon sa sarbey kwestyuner na may sariling gawang rubrik ng mananaliksik, natuklasan mula sa posisyong papel, abstrak, at konseptong papel ng mga mag-aaral sa Ingles na klase, ang kadalasang pagkakamali ay gramatika at paggamit ng bantas lalo na pagdating sa transisyon ng mga pangungusap (De Castro, 2022). Sa pagsusuri naman sa kalimitang kamalian sa liham pangangalakal ng mga mag-aaral, napag-alamang ang komon na pagkakamali rito ay ang paggamit ng mga karaniwang bantas tulad ng tuldok at kuwit. Sinundan ito ng pagkakamali sa *subject-verb agreement*, pagbabaybay, *capitalization* at *contraction* ng mga salita (Gomez, 2022).

Ang mga kahinaang ito ay masasalamin din sa mga internasyunal na pagtataya. Sa katunayan, sa pagsusulit ng *Programme for International Student Assessment (PISA)*, nasa rank 76 sa 81 bansa ang Pilipinas sa *reading comprehension, Math at Science* (Marcelo, 2025). Makikita rito ang mababang antas ng mga mag-aaral na Pilipino at nahuhuli sa mga karatig-lugar nito. Sa pag-aaral naman ni Misa (2021) ukol sa kakayahang panggramatika sa Filipino ng mga mag-aaral ng baitang 9 sa *Laboratory High School* ng *President Ramon Magsaysay State University*, natuklasang *developing* o papaunlad pa lamang ang antas ng kakayahan ng mga respondenteng mag-aaral sa wastong paggamit ng salita, ayos ng pangungusap, pagbuo ng pangungusap at mekaniks lalo na sa paggamit ng bantas.

Sa kabilang banda, sa isinagawang pag-aaral naman nina Sevilla et al. (2026) ukol sa pagsusuri sa kahusayan ng mga mag-aaral sa baitang 11 ng *AB Advanced Colleges, Incorporated*, Lungsod ng Tarlac, resulta ng pag-aaral ay nagpapakita na sa 60 respondente na pinili gamit ang *stratified sampling*, may masteri ang mga respondenteng mag-aaral sa tuldok (87.44%), panipi (83.33%), at kuwit (76.67%). Habang may katamtamang masteri naman sa kudlit (63.33%). Gitling naman ang may pinakamababang *mean percentage score* (37.50%) na nagpapakita ng mababang masteri sa paggamit nito. Natuklasan pa sa pananaliksik na sa *item-level analysis*, may mahinang perpormans sa piling bantas tulad ng tandang padamdam at gitling.

Binanggit naman nina Espiritu at Laguador (2019) sa kanilang papel pananaliksik ukol sa antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral ng baitang 7 ng *Looc Integrated School,* Lungsod ng Calamba, Laguna sa wastong paggamit ng mga piling bantas mula sa Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), resulta ng pag-aaral ay nagpapakita na ang mga mag-aaral ay may mataas na kaalaman sa paggamit ng bantas lalo na ang tuldok na may pinakamataas na *mean* na 4.06. Kuwit, tutuldok, gitling, panaklong, at ellipsis naman ay pare-parehong ikalawang pinakamataas na may kaalaman. Habang may katamtamang kaalaman naman sa tuldok-kuwit, at gatlang na kung saan pareho silang ikatlong may pinakamataas na kaalaman sa bantas batay sa instrumentong ginamit ng mananaliksik.

Kung papansinin naman sa pananaliksik na isinagawa ni Gonzales (2019) sa 171 mag-aaral ng baitang 7 mula sa tatlong (3) pangkat ng *special science class* at dalawang (2) *regular class* ng *Pampanga High School* na kung saan sinuri niya ang mga gawaing pasulat ng mga mag-aaral batay sa Binagong Gabay sa Ortograpiya ng Wikang

Filipino, lumabas sa resulta na ang unang kamalian sa gawaing pasulat ng mga mag-aaral ay maling paggamit ng mga bantas tulad ng tuldok, kudlit, at gitling. Sa gawaing pasulat ng mga mag-aaral ay may nakitang paulit-ulit na pagkakamali tulad ng hindi paglalagay ng tuldok sa hulihang pangungusap. Habang may mga salitang dapat lagyan ng gitling ay hindi nilalagyan, at may mga hindi dapat lagyan ay nilalagyan ng gitling. Isa pa, may mga salitang hindi nilalagyan ng kudlit na dapat lagyan kung pinaiikli.

Pinatunayan pa ng pagtataya ng Departamento ng Edukasyon na maraming mag-aaral na Pilipino ang nahihirapan sa mga konsepto ng gramatika kabilang na ang bantas. Sa katunayan, ayon kina Benoman et al. (2025), ang pangunahing hamon ng mga mag-aaral sa gramatika ay dahil sa labis na pagdepende sa *spell-checker*, maling paggamit ng panlapi at hindi tamang paglalagay ng mga tuldok at kuwit. Binanggit naman sa papel pananaliksik nina Bante et al. (2024) na nakababahala ang kahinaan sa pagsulat kabilang na ang tamang paggamit ng bantas. Kailangang tandaan na kung walang pagbabantas ay hindi makapagbibigay ng tiyak na katangian ng pananalita at nais ihayag (Busacay et al., 2025). Kaya, binigyang-diin ng KWF na kailangan ang bantas para sa malinaw na pagpapahayag ng mga kaisipan at tiyak na layunin (Almario, 2014). Sinang-ayunan naman ito nina Jimmy at Germain (2025) na ang maling bantas ay maaaring makasagabal sa daloy ng kaisipan at makapagpabago ng kahulugan nito sapagkat mahalaga ang papel ng mga bantas upang mabuo ang kabuoang nais ihayag.

Sa pangkalahatan, masasabing ang mababang antas ng kamalayan sa wastong paggamit ng bantas ay nagreresulta naman sa mababang kasanayan sa pagsulat gamit ang mga bantas. Kailangang tandaan din na ang kasiningan ay hindi buo kung walang kawastuhan ang pangungusap na ang prinsipyo ng kawastuhan ay nakasalalay naman sa tamang estrukturang panggramatika kabilang ang mga bantas. Sa lokal na konteksto ng bayan ng Dulag, Leyte, isa sa mga kinahaharap na hamon ng mga guro sa hayskul ay ang kalimitang pagkakamali ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng bantas. Kahit sa simpleng pagbuo ng mga sulatin ay kadalasang maraming pagkakamali kahit sa pinakakaraniwang bantas tulad ng tuldok at kuwit. Ito ay nagpapakita lamang ng suliranin sa aspektong ito na dapat ay natutugunan na sapagkat sila ay nasa mas mataas na lebel na pag-aaral. Kaya, nilayon ng pag-aaral na ito na alamin ang antas ng kamalayan ng mga mag-aaral sa *senior high school* ng isa sa mga paaralan ng bayan ng Dulag, Leyte sa tuntunin sa wastong paggamit ng bantas batay sa mga bantas at tuntuning tinipon sa libro ni Almario (2014) na Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) Manwal sa Masinop na Pagsulat. Ang mga tuntuning kalakip sa nabanggit na libro ay mula sa mga tinipong gabay paano gamitin ang isang bantas.

Sa pagdaragdag, nilayon din ng mananaliksik na alamin ang mga babasahing binabasa ng mga mag-aaral at ang kanilang dahilan ng pagbabasa rito. Ninais din ng mananaliksik na isagawa ang pag-aaral na ito na naglalayong alamin ang antas ng kamalayan sa lahat ng mga tinipong bantas sapagkat mula sa mga nailahad na literatura at pag-aaral sa itaas, mahihinuhang kalimitan ng mga pag-aaral ay nakatuon lamang sa pagsusuri ng mga sulatin at awtput ng mga mag-aaral, maging sanaysay na mapanghikayat man at iba pang akademikong sulatin ukol sa kanilang kasanayan, kahusayan, at kaalaman sa paggamit ng mga bantas. Hindi dapat nakatuon lamang ang mga pag-aaral sa kung ano na ang nabuo ng mga mag-aaral sa loob ng klasrum, kundi kinakailangan ding masuri muna ang batayang kamalayan o *awareness* ng mga mag-aaral sa lahat ng mga tuntunin sa paggamit ng isang tiyak na bantas lalo pa at malaking bahagi ang pagkakaroon ng kamalayan tungo sa kaalaman naman sa paggamit nito sa pagbuo ng pangungusap.

Isa pang nakita ng mananaliksik na kailangang tugunan sa mga naunang pag-aaral ay nakatuon sila sa mas mababang lebel tulad ng baitang 7, 10 at maging 11 subalit walang naging mga pag-aaral na naglalayong suriin ang antas ng kamalayan ng mga mag-aaral sa *senior high school* kabilang ang baitang 12 na lubhang mahalaga sapagkat sila ay tutuntong na sa kolehiyo. Ang resulta ng pag-aaral na ito ay maaaring makatulong sa mga guro lalo na sa mga humahawak ng asignaturang Ingles at Filipino upang magabayan sila sa pagpapanatili ng mataas na kamalayan sa paggamit ng bantas. Makatutulong din ito sa kanila upang masuri ang mga babasahing binabasa ng mga mag-aaral lalo na sa batayang aklat na ginagamit. Mula rito, makapagbibigay naman ito ng direksiyon upang makabuo ng iba't ibang mga programang pang-edukasyon upang mas maitaguyod ang wastong paggamit ng bantas kahit sa loob ng klasrum pa lamang.

***Layunin ng Pag-aaral -*** Ang pag-aaral na ito ay naglalayong alamin ang antas ng kamalayan ng mga mag-aaral sa tuntunin sa wastong paggamit ng bantas. Partikular, nilalayong sagutin ang sumusunod na tanong:

- Ano-ano ang mga babasahing binabasa ng mga mag-aaral?
- Ano-ano ang mga dahilan ng pagbabasa ng mga mag-aaral?
- Ano ang antas ng kamalayan ng mga mag-aaral sa tuntunin sa wastong paggamit ng bantas?

## 3. Metodolohiya

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng deskriptib-kwantitatib na disenyo ng pananaliksik na kung saan ito ay nagkokolekta ng mga datos upang ilarawan ang mga *average*, at *trend* na nagbibigay ng kompletong larawan ng mga pangyayari sa isang panahon (Barrot, 2017). Ang mga respondente sa pag-aaral na ito ay mga mag-aaral ng baitang 11 at 12 na may *strand* na *Humanities and Social Sciences (HUMSS), Accountancy and Business Management (ABM)*, at *Cookery* sa isa sa mga mataas na pampublikong paaralan ng bayan ng Dulag, Leyte na may kabuoang bilang ng populasyon na 258 na kung saan may 118 na mag-aaral sa baitang 11 at 140 naman sa baitang 12. Ginamit ang *Raosoft sample size calculator* kaya mayroong 155 na bilang ng sampol ng mga respondente na pinili naman sa pamamagitan ng paggamit ng *stratified sampling* upang magkaroon ng *proportional number* sa bawat grupo. Natukoy na sa mga respondente ay may 71 na baitang 11 at 84 naman sa baitang 12. Ginamit ng mananaliksik ang *structured* na sariling gawang kamalayan sa tuntunin sa wastong paggamit ng bantas *questionnaire* sa pangangalap ng datos na kung saan ito ay binubuo ng apat (4) na bahagi. Ito ay sinuri ng tatlong (3) mga eksperto at dumaan din sa *pilot testing* na kung saan ang resulta sa *Cronbach's alpha* para sa bahagi ng kamalayan sa wastong paggamit ng bantas ay 0.93 o *excellent*. Kinolekta naman ang mga datos noong ika-23 at 24 ng Marso 2026. Sa pag-analisa ng mga datos ay ginamit ng mananaliksik ang iba't ibang estadistika. Para sa una at ikalawang layunin ay ginamit ang *frequency count* at *percentage*. Para naman sa ikatlong layunin ay ginamit ang *mean score* at *standard deviation*. Ginamit naman ng mananaliksik ang *mean score* na halaw kay Pimentel (2019) para sa pag-analisa ng antas ng kamalayan sa tuntunin sa wastong paggamit ng bantas. Ang *interval* na 1.00 – 1.79 ay may interpretasyon bilang walang kamalayan. Habang ang 1.80 – 2.59 naman ay may kaunting kamalayan. Ang 2.60 – 3.39 ay may katamtamang kamalayan. Samantala, ang 3.40 – 4.19 naman ay may kamalayan, at ang 4.20 – 5.00 ay may mataas na antas ng kamalayan. Ang lahat ng estadistikang ginamit ng mananaliksik ay ipinabalideyt sa isang *Statistician* na kasalukuyang nagtatrabaho sa *Dalian American International School*, Dalian, China bilang guro ng Matematika at may doktoradong digri na *Doctor of Philosophy in Social Science Research*. Ang mananaliksik ay sumunod sa lahat ng etikal na konsiderasyon lalo na sa pangangalap ng datos kaya walang sinuman ang nalagay sa peligro o kapahamakan. Lahat ng mga nakolektang datos ay pinag-ukulan ng may mataas na *confidentiality*, at ginamit ng mananaliksik para sa layunin ng pag-aaral lamang.

## 4. Resulta at Pagtalakay

### *4.1 Mga Babasahing Binabasa ng mga Mag-aaral*

Ang pagbabasa ay isa sa mga makrong kasanayang dinedebelop ng bawat indibidwal. Sa isang araw na pamumuhay ng tao ay ginugugol niya ang 15% na oras sa pagbabasa (Macarandan et al., 2023). Sa karamihan, ang pagbabasa ay isa nang bahagi ng kanilang gawain. Ayon sa *Faith Christian School* (2025), ang pagbabasa ay hindi lamang isang kasanayan, kundi isa sa mga salik sa tagumpay ng isang tao. Ito ay isang holistikong paraan ng pagdebelop. Sa pananaliksik na ito ay pinag-aralan ang mga babasahing binabasa ng mga ma-aaral kung saan ito ay nakahanay batay sa mga uri ng babasahin. Sa apat (4) na uri ng babasahing nasarbey ng mananaliksik, makikita mula sa talahanayan 1 na artikulo sa pahayagan ang may pinakamataas na bilang na may 128 o 83% sa kabuoang bilang ng respondente ang bumabasa nito.

**Talahanayan 1**
*Mga Babasahing Binabasa ng mga Mag-aaral*

| Mga Babasahing Binabasa ng mga Mag-aaral | Uri ng Babasahin | *Frequency Count N = 155* | *Percentage* |
|---|---|---|---|
| Artikulo sa pahayagan | Pampubliko at Pahayagan | 128 | 83% |
| Batayang aklat | Akademikong Babasahin | 115 | 74% |
| Post sa sosyal midya | Onlayn na Babasahin | 110 | 71% |
| Akdang pampanitikan | Panlibangan | 94 | 61% |
| Artikulo sa *internet* | Onlayn na Babasahin | 74 | 48% |
| Magasin | Panlibangan | 64 | 45% |
| Papel pananaliksik at dyornal | Akademikong Babasahin | 56 | 36% |
| *E-book* at magasin sa onlayn | Onlayn na Babasahin | 38 | 25% |
| Sanayang aklat | Akademikong Babasahin | 31 | 20% |
| *Blog* | Onlayn na Babasahin | 27 | 17% |
| Sangguning aklat | Akademikong Babasahin | 21 | 14% |
| *Broadsheet* | Pampubliko at Pahayagan | 21 | 14% |
| *Tabloid* | Pampubliko at Pahayagan | 17 | 11% |

Note. Maaaring lumagpas sa 100% ang kabuoang porsyento dahil maaaring pumili ng higit sa isang sagot ang mga respondente

Sinundan naman ito ng batayang aklat na may 115 o 74%. Binabasa rin ng mga mag-aaral ang mga *post* sa soyal midya na may 110 o 71%. Sunod pa nito ang akdang pampanitikan na may 94 o 61%. Mayroon namang 74 o 48% na nagbabasa ng artikulo sa *internet* habang sa magasin naman ay may 64 o 45%. Sa pagdaragdag, makikita pa sa talahanayan na may 56 o 36% na mga respondente ang nagbabasa ng papel pananaliksik at dyornal. Mayroon namang 38 o 25% ang nagbabasa ng *e-book* at magasin sa onlayn. Habang may 31 o 20% ang nagbabasa ng sanayang aklat. Mayroon namang 27 o 17% ang nagbabasa ng *blog*. Sa sangguniang aklat at *broadsheet* ay parehong may 21 o 14% na mga respondente ang nagbabasa. Ang *tabloid* naman ay may 17 o 11% ang nagbabasa sa lahat ng mga respondente.

Mula sa resultang ito, masasabi lamang na kahit sa kasalukuyang panahon na ang mga impormasyon ay madali nang mahanap gamit ang *internet*, hindi pa rin maipagkakailang nagbabasa ang karamihan sa mga nakalimbag na babasahin tulad ng artikulo sa pahayagan. Sa katunayan, ayon kay Dharmaraj (2025), datos mula sa pinakabagong sarbey sa literasi, edukasyon, at gawain sa midya sa mga naninirahan sa Silangang Bisayas ay nagpapakita na kahit may pababa ng numero sa mga nagbabasa sa mga nakalimbag na balita mula sa 28.9% noong 2019 na naging 19.5% na lamang noong 2024 sa mga lugar na may limitadong akses sa *internet* dahil sa mahinang signal ay hindi pa rin nawawala ang pagtangkilik sa mga nakalimbag na balita.

Sa kabilang banda, sa ibayong dagat naman lalo na sa Amerika kung saan, isa ito sa mga bansang may malawak na akses sa *internet*, ang mga mag-aaral ay mas nagbabasa sa mga *digital* na babasahin. Binigyang-diin ng *Pew Research Center* na ang mga batang mambabasa ay pinagtutuonan ng pansin ang mga nasa onlayn kaysa sa mga nakalimbag na babasahin (Spinner, 2024). Sa sarbey naman na isinagawa nina Shahzad et al. (2023) sa 244 na mga mag-aaral ng komunikasyon at midya sa Unibersidad ng Lahore, Punjab, Pakistan, natuklasang may 67% na mga respondente ang pabor sa mga onlayn na balita at 33% naman sa mga artikulo sa pahayagan. Napag-alaman pa na ang rason sa pagpili ng onlayn na balita ay dahil sa abot-kaya ito ng karamihan.

Sa pagdaragdag, masusuri pa sa resulta ng pag-aaral na ito na halos karamihan sa mga respondente ay nagbabasa ng mga nakalimbag na babasahin kaysa sa mga nasa onlayn dahil kasunod ng artikulo sa pahayagan ay batayang aklat. Ayon sa pag-aaral nina Saadillah et al. (2023), natuklasan sa kanilang pag-aaral na sa 26 na mga mag-aaral ng ika-12 baitang ng Tanah Laut Indonesia ay may 11 mag-aaral ang nagbabasa ng batayang aklat, may 6 na nagbabasa ng *e-book*, may 5 na nagbabasa ng *Wattpad* at 4 na nanonood sa *Youtube*. Mula sa resulta ng pag-aaral, masasabi lamang na malaki rin ang salik na ginagampanan ng koneksiyon sa *internet* at heograpiya ng lugar sa babasahing binabasa ng mga mag-aaral.

*4.2 Mga Dahilan ng Pagbabasa ng mga Mag-aaral*

Ang pagbabasa ay mahalagang makrong kasanayan dahil hindi lamang nito nililinang ang kognitibong aspekto ng tao, kundi pinauunlad din nito ang kabuoang aspekto ng proseso ng pamumuhay ng tao (Jardin, 2026). Isa pa,

binigyang-diin din ng *National Library of New Zealand* (2026) na ang pagbabasa ay may mga benipisyo sa malawak na saklaw tulad ng pag-unlad ng literasi, kasanayang pansosyal, kalusugan at inaasahang pagkatuto.

**Talahanayan 2**
*Mga Dahilan ng Pagbabasa ng mga Mag-aaral*

| Mga Dahilan ng Pagbabasa ng mga Mag-aaral | Pangkalahatang Dahilan ng Pagbasa | *Frequency Count N = 155* | *Percentage* |
|---|---|---|---|
| Pagpapalawak ng kaalaman | Pang-edukasyunal na Dahilan | 101 | 65% |
| Maging maalam sa nagaganap | Pampersonal na Dahilan | 93 | 60% |
| Pampalipas-oras | Pampersonal na Dahilan | 79 | 51% |
| Paghahanda sa klase/pagsusulit | Pang-edukasyunal na Dahilan | 73 | 47% |
| Bahagi ng takdang-aralin | Pang-edukasyunal na Dahilan | 71 | 46% |
| Kahiligang magbasa | Pampersonal na Dahilan | 51 | 33% |

Note. Maaaring lumagpas sa 100% ang kabuoang porsyento dahil maaaring pumili ng higit sa isang sagot ang mga respondente

Sa pag-aaral na ito ay inalam ang mga dahilan ng pagbabasa ng mga respondenteng mag-aaral na kung saan, batay sa sarbey ay inuri ang mga dahilang ito sa dalawang (2) malawak na saklaw ng dahilan ng pagbabasa, ang pang-edukasyunal at pampersonal na dahilan. Mapapansin sa talahanayan 2 na ang pinakadahilan ng pagbabasa ng mga respondenteng mag-aaral ay pagpapalawak ng kaalaman na may 101 o 65% sa kabuoang 155 na sampol. Sunod dito ang maging maalam sa nagaganap na may 93 o 60%. Habang 79 o 51% naman ang nagbabasa dahil ito ay bilang pampalipas-oras nila. May 73 o 47% naman ang nagbabasa para sa paghahanda sa klase o pagsusulit, at sa bahagi ng takdang-aralin ay may 71 o 46%. Mayroon namang 51 o 33% ang nagbabasa dahil kahiligan nilang magbasa.

Mahihinuha lamang sa resultang ito na ang dahilan ng pagbabasa ng mga respondenteng mag-aaral ay nakatuon sila sa pagkuha ng mas malawak na kaalaman. Sa naunang resulta ukol sa babasahing binabasa ng mga mag-aaral ay natuklasan na ang binabasa nila ay artikulo sa pahayagan at kasunod dito ang batayang aklat. Masasabi lamang dito na ang mga respondenteng mag-aaral ay tunay na nagbabasa upang makakuha ng mahahalagang impormasyong magagamit nila. Ang resulta ng pag-aaral na ito ay kahalintulad sa binanggit ni Walburg (2020) sa kanyang artikulo na ang mga tao ay nagbabasa dahil sa iba't ibang dahilan. Isa sa mga dahilang ito ay nagbabasa sila upang makakuha ng mga kaalaman, maging maalam sa nagaganap, pansariling kasiyahan o makasabay sa *trend*.

Binanggit din ng *Centre for Adult Education* (2026) na ang pinakaunang dahilan ng pagbabasa ng karamihan ay dahil sa pagnanais na makakuha ng kaalaman lalo pa na karamihan sa mga taong nagtatagumpay tulad nina Ellon Musk, Bill Gates, at iba pa ay mahilig magbasa. Binigyang-diin naman ni Durham (2025) sa kanyang artikulo na may mga benepisyo sa pagbabasa tulad ng nagpapaunlad ito ng pakikipagkapuwa-tao, pag-iisip, nagpapalawak ng kaalaman, at pagkamalikhain, nagdedebelop ng kognitibong pagganap, at nakatutulong na maiwasan ang sakit na *dementia*. Mula sa mga impormasyong ito, masasabi lamang na may iba't ibang dahilan ng pagbabasa ang bawat tao. Ngunit, sa kabuoan ay anuman ang dahilan ng pagbabasa ay naglalayon ito ng magandang benepisyo sa anumang edad ng taong nagbabasa.

### *4.3 Antas ng Kamalayan ng mga Mag-aaral sa Tuntunin sa Wastong Paggamit ng Bantas*

Ang paggamit ng bantas ay mahalaga sapagkat mas napalilinaw nito ang nais ipahayag. Kinokompleto rin nito ang kabuoang diwa ng isang mensahe (Isaqov & Durdonahan, 2022). Binanggit ng *Charlesworth Author Services* (2020) na ang paggamit ng wastong bantas ay nagbibigay ng magandang impresyon sa kwaliti ng papel. Isa pa, ang pagkakaroon ng kamalayan paano gamitin nang maayos ang mga bantas ay hindi lamang nakatuon sa katotohanang ito ay pinakakaraniwang kaalaman, kundi ang paggamit ng wastong bantas ay giya ng mambabasa sa ideyang nais bigyang-diin sa pangungusap (*University of Reading*, 2026). Ayon naman kay Escuadra (2022), mahalagang bahagi sa mekaniks ng pagsulat at may malaking impluwensiya sa organisasyon at kalinawan ng ideya ang tamang paggamit ng mga bantas.

**Talahanayan 3**
*Antas ng Kamalayan ng mga Mag-aaral sa Tuntunin sa Wastong Paggamit ng Bantas*

| Mga Bantas | *Mean* | *Standard Deviation* | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 1. Tandang Pananong | 3.69 | 1.10 | May Kamalayan |
| 2. Ellipsis | 3.62 | 1.24 | May Kamalayan |
| 3. Panipi | 3.57 | 1.11 | May Kamalayan |
| 4. Panaklong | 3.56 | 1.15 | May Kamalayan |
| 5. Kudlit | 3.54 | 1.28 | May Kamalayan |
| 6. Panaklaw | 3.53 | 1.26 | May Kamalayan |
| 7. Tandang Padamdam | 3.51 | 1.12 | May Kamalayan |
| 8.5 Pahilig | 3.50 | 1.17 | May Kamalayan |
| 8.8. Kuwit | 3.50 | 1.12 | May Kamalayan |
| 10. Tuldok | 3.43 | 1.19 | May Kamalayan |
| 11. Tutuldok | 3.36 | 1.12 | Katamtamang Kamalayan |
| 12. Gatlang en | 3.34 | 1.13 | Katamtamang Kamalayan |
| 13. Gitling | 3.32 | 1.15 | Katamtamang Kamalayan |
| 14. Tuldok-kuwit | 3.31 | 1.08 | Katamtamang Kamalayan |
| 15. Gatlang em | 3.27 | 1.12 | Katamtamang Kamalayan |
| 16. Gatlang 3 em | 3.18 | 1.19 | Katamtamang Kamalayan |
| *Weighted Mean & Standard Deviation* | 3.45 | 1.16 | May Kamalayan |

Sa pag-aaral na ito ay sinuri ang antas ng kamalayan ng mga mag-aaral sa iba't ibang bantas batay sa Komisyon sa Wikang Filipino Manwal sa Masinop na Pagsulat. Makikita sa talahanayan 3 na sa 16 na bantas, may sampung (10) bantas na may kamalayan ang mga respondenteng mag-aaral at may anim (6) namang bantas na katamtaman lamang ang kanilang kamalayan. Kung susuriin pa sa talahanayan na tandang pananong ang may pinakamataas na *value* sa lahat ng mga bantas na may 3.69 na *mean* na ibig ipakahulugan ay may kamalayan. Kung papansinin pa ang *standard deviation* nito, mahihinuha lamang na isang puntos ang layo ng sagot ng bawat respondente sa *mean* na 3.69. Ang resultang ito ay hindi maipagkakailang alam na alam ng mga mag-aaral ang tandang pananong sapagkat ayon kina Borge at Bradley (2026), ang kuwit, tandang pananong, tandang padamdam at tuldok ay mga pinakakaraniwang bantas. Kaya, hindi maipagkakailang sa resulta sa talahanayan ay may kamalayan ang mga respondenteng mag-aaral sa nabanggit na mga bantas. Kasama rin dito ang mga bantas na ellipsis, panipi, panaklong, kudlit, panaklaw, at pahilig ayon sa pagkakasunod-sunod batay sa talahanayan.

Sa kabilang banda, may katamtamang kamalayan naman ang mga respondenteng mag-aaral sa bantas na tutuldok, gatlang en, tuldok-kuwit, gatlang em at gatlang 3 em ayon sa pagkakasunod-sunod. Mapapansin na ang mga ito ay hindi gaanong alam at kilala ng mga mag-aaral lalo na ang gatlang 3 em. Ngunit sa kabuoan, ang antas ng kamalayan ng mga respondenteng mag-aaral ay may kamalayan na may 3.45 na *mean*. Kung papansinin pa ang *standard deviation* nito, may isang puntos ang layo ng sagot ng bawat respondente sa *mean* na nabanggit. Masasabi pa na ang mga respondenteng mag-aaral ay bagaman may katamtamang kamalayan sa ibang bantas, sila ay may pundasyon sa pinakakaraniwang bantas na dapat alam nila. Ang resultang ito ay pareho sa resulta sa isinagawang pag-aaral nina Magno et al. (2025) na ang mga mag-aaral sa baitang 11 ng *Micro Asia College of Science and Technology Inc.* ay may *very satisfactory* na kaalaman sa paggamit ng wastong bantas.

Sa pagdaragdag, sa 30 respondenteng mag-aaral, may 2 na nakakuha ng *outstanding*, may 18 na nasa *very satisfactory*, may 7 na kabilang naman sa *satisfactory* at 3 na *fairly satisfactory*. Sa resultang ito, malinaw lamang na karamihan sa mga mag-aaral ay may mataas hanggang sa katamtamang antas ng kamalayan sa wastong paggamit ng bantas. Sa kabilang banda, ayon naman sa pag-aaral nina Apuhin et al. (2023) ukol sa mga uri ng pagkakamali sa bantas at madalas na pagkakamali sa wastong paggamit ng bantas sa pagsulat ng sulating panghihikayat ng mga mag-aaral sa Ingles sa isa sa mga kolehiyo ng Negros Occidental, lumabas sa pag-aaral na ang kadalasang pagkakamali sa bantas ay ang nakaligtaang paglalagay ng bantas na may 67.7%, at kuwit naman ang may pinakamadalas na pagkakamali na may 77.4%.

Isa pang resulta ng pag-aaral ay nagpapakita naman na ang komon na pagkakamali sa impormatibong sulatin ng piling mga mag-aaral sa baitang 10 ng tatlong (3) paaralan sa Laguna ay *mechanical error*, *grammatical error* at *style error* na kung saan, sa *mechanical error* ay una ang pagkakamali sa bantas, kasunod ay ang baybay at ang *capitalization* (Esperanza et al., 2024). Parehong resulta ang ipinakita sa pag-aaral nina Sajid at Siddiqui (2018)

na ang pagkakamali sa bantas ay ang pinakalaganap na pagkakamaling makikita sa maraming mga sulatin ng mga mag-aaral sa Agham Panlipunan at *medical science*. Binanggit naman sa pag-aaral ni Altaeb (2025) na ang unang rason sa pagkakamali sa paggamit ng bantas ay dahil sa kakulangan sa pagtuturo ng bantas sa kurso ng Ingles lalo na sa mga libro ng mga mag-aaral ng Libya.

Mula rito, masasabing malaki rin ang ginagampanan kung pinalalakas ang pagtuturo ng mga bantas sa loob ng paaralan. Sisiguraduhin din ng mga guro na nasusuri nang maayos ang kaalaman ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng bantas. Sa kabuoan, masasabi lamang na ang mga respondenteng mag-aaral sa pananaliksik na ito na may kamalayan sila sa mga pinakakaraniwang bantas at may katamtamang kamalayan naman sa ilang mga bantas na hindi gaanong kilala ng karamihan.

## 5. Konklusyon

Mula sa isinagawang pagsusuri at analisis ng mga datos, natuklasan ng pag-aaral na ito na maraming respondenteng mag-aaral ang nagbabasa ng artikulo sa pahayagan na sinundan naman ng batayang aklat, *post* sa sosyal midya, akdang pampanitikan, artikulo sa *internet*, magasin, papel pananaliksik, at dyornal, *e-book,* at magasin sa onlayn, sanayang aklat, *blog*, sangguniang aklat, *broadsheet,* at *tabloid* ayon sa pagkakasunod-sunod. Ang pinakadahilan naman ng pagbabasa ng mga respondenteng mag-aaal ay para sa pagpapalawak ng kaalaman. Sinundan ito ng para maging maalam sa nagaganap. Sunod dito ang pampalipas-oras, paghahanda sa klase, at pagsusulit, bahagi ng takdang-aralin, at huli rito bilang dahilan sa pagbabasa ang dahil sa kahiligan nilang magbasa. Habang sa antas ng kamalayan naman sa tuntunin sa wastong gamit ng bantas batay sa libro ng KWF Manwal sa Masinop na Pagsulat ay natuklasang may kamalayan ang mga respondenteng mag-aaral sa tandang pananong, ellipsis, panipi, panaklong, kudlit, panaklaw, tandang padamdam, pahilig, kuwit, at tuldok. Ngunit, may katamtamang kamalayan lamang sa mga bantas tulad ng tutuldok, gatlang en, gitling, tuldok-kuwit, gatlang em at gatlang 3 em. Masasabi rito na hindi sila gaanong may kamalayan sa mga bantas na hindi kilala ng karamihan. Subalit, sa kabuoan ay may kamalayan ang mga mag-aaral sa lahat ng mga bantas na may 3.45 na *mean score* at 1.16 na *standard deviation*.

***Rekomendasyon* –** batay sa resulta at konklusyon, inirerekomenda ng pag-aaral na ito na mas makabubuti kung mas hihikayatin ng mga guro ang mga mag-aaral na magbasa ng iba pang mga babasahin. Bigyan din ng mas marami pang mga babasahing mababasa ang mga mag-aaral sa loob ng klase, at maging sa mga *digital* na babasahin. Subalit, kinakailangang gabayan ang mga mag-aaral sa katotohanang hindi lahat ng nababasa sa onlayn lalo na sa *Facebook, Tiktok,* at iba pa ay wasto ang mga gamit na bantas kaya kailangan pa rin ng pag-verify sa katumpakan nito. Magsagawa rin ng mga pananaliksik na magsusuri sa mga babasahing kadalasang may kamalian lalo na sa paggamit ng mga bantas. Sa pagdaragdag, bagaman itinuturo ang bantas sa mga paaralan, subalit mas makabubuti kung palalakasin pa ang pagtuturo sa mga tuntunin ng bawat bantas lalo na yaong mga hindi gaanong kilalang mga bantas upang mas maipakilala sa kanila ang mga ito.

## 6. Sanggunian

*7 proven reasons why reading is good for you*. (2026). Retrieved from Centre for Adult Education: https://www.cae.edu.au/news/7-proven-reasons-why-reading-is-good-for-you/

*Academic writing: Correct punctuation*. (2026). Retrieved from University of Reading: https://libguides.reading.ac.uk/writing/punctuation

Alhusban, A. M. (2016, July). The impact of modern technological tools on students writing skills in English as a Second Language. *US-China Education Review, 6*(7), 438-443. https://www.davidpublisher.com/index.php/Home/Article/index?id=27697.html

Almario, V. S. (2014). *KWF manwal sa masinop na pagsulat.* Metro Manila: Komisyon sa Wikang Filipino.

Altaeb, S. A. (2025). Highlighting the gap caused by neglecting the teaching of punctuation marks in English course books: The case of Libyan students. *Libyan Journal of Educational Research and E-Learning (LJERE), 1*(2), 362-375. Retrieved from https://ljere.com.ly/index.php/ljere/article/view/74/75

Apuhin, K. R. P., Arnaiz, A. A. P., Bayon-on, E. M. M., Deita, C. J. D., Dequino, A. S. B., Lee, A. M. I., Magbanua, R. A. & Montecastro, S. M. A. (2023, June). Analytical study on punctuation errors in the persuasive writing of English language learners. *International Journal of Social Science And Human Research, 6*(6), 3439-3451. https://ijsshr.in/v6i6/Doc/27.pdf

Arquiola, J. M., Leyga, C. R., Sarsuelo, R. & Cadiao, E. C. H. (2022). Punctuations used by Filipino and Thai students in their essays: : A corpus-based inquiry. *International Journal of Research Publication and Reviews, 3*(12), 766-773. Retrieved from https://ijrpr.com/uploads/V3ISSUE12/IJRPR8636.pdf

Bante, S. E., Nodado, K. P., Anudin, S. N., Jetoya, A. A. A. & Rolida, D. M. (2024, July). Pagsusuri sa kamalian sa sanaysay ng mga mag-aaral sa antas sekundarya. *EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR), 10*(7), 149-153. https://eprajournals.com/pdf/fm/jpanel/upload/2024/July/202407-01-017679

Barrot, J. S. (2017). *Practical research 2 for senior high school.* Quezon, City: C & E Publishing.

Benoman, J. A. V., Balmaceda, R. N. J., Caraggayan, B. D. & Abagon, B. S. (2025). Mga hamon at estratehiya sa pagkatuto ng gramatika ng mga mag-aaral ng Barretto National High School na nasa ikapitong baitang. *American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR), 9*(12), 181-186. Retrieved from https://www.ajhssr.com/wp-content/uploads/2025/12/R25912181186.pdf

Ceniza, A. M., & Paringit, K. (2017). Common writing difficulties of Filipino learners: Grammar and mechanics.

Borge, V. & Bradley, C. (2026). *Punctuation*. Retrieved from Lumen Learning: https://courses.lumenlearning.com/suny-basicreadingwriting/chapter/outcome-punctuation-4-6/

Busacay, A. L., Jaravata, M. T., Malanom, M. V., Mamuyac, C. E. & Eguia, M. L. G. (2025, January). Kasanayan sa paggamit ng mga bantas ng mga mag-aaral sa grade 11. *Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, 5*(1), 206-215. https://cognizancejournal.com/vol5issue1/V5I117.pdf

De Castro, T. J. (2022). Metadiscourse in academic writing of senior high school students. *International Journal of Research Studies in Education, 11*(9), 55-67. Retrieved from https://consortiacademia.org/wp-content/uploads/2020/v11i09/22821_ijrse_final.pdf

Dharmaraj, S. (2025, June 9). *The Philippines: Digital transformation in the media landscape*. Retrieved from Open Government Asia: https://archive.opengovasia.com/2025/06/09/the-philippines-digital-transformation-in-the-media-landscape/#:~:text=Data%20from%20a%20recent%20survey,toward%20digital%20and%20mobile%20options

Durham, S. (2025, April 28). *5 Benefits of Reading*. Retrieved from South African College of Applied Psychology: https://www.sacap.edu.za/blog/applied-psychology/benefits-of-reading/

Escuadra, D. S. (2022). Grammar errors in argumentative writing of junior high school ESL students: An analysis. *Journal of Higher Education Research Discipline, 9*(1), 49-72. Retrieved from https://www.nmsc.edu.ph/ojs/index.php/jherd/article/download/236/110/741

Esperanza, M. E. B., Espinosa, J. S F., Gambalosa, F.M., Opalsa, C. M., Tumbagahan, C. M. & Pomentil, R. A. G. (2024, April 15). Common informative writing errors among junior high school students: Input to lesson exemplars . *International Journal of Science and Research Archive, 11*(2), 1606-1622. https://ijsra.net/sites/default/files/fulltext_pdf/IJSRA-2024-0466.pdf

Espiritu, L. & Laguador, M. (2019, January 18). Level of Understanding of Students in Proper Usage of Preferred Punctuation Marks From Kwf: A Guide to a Prudent Writing. *Ascendens Asia Journal of Multidisciplinary Research Abstracts, 13*(2). Retrieved from https://ojs.aaresearchindex.com/index.php/AAJMRA/article/view/8784

Gabatino, C. (2026). Analysis of syntactic errors in the persuasive essays of grade 10 learners as basis of contextualized intervention material. *International Journal of Research Studies in Education, 15*(8), 65-75. Retrieved from https://consortiacademia.org/wp-content/uploads/2023/v15i08/26116_final.pdf

Gomez, D. (2022). An error analysis on students' business letters . *International Journal of Research Studies in Education, 11*(13), 125-128. Retrieved from https://consortiacademia.org/wp-content/uploads/2020/v11i13/22367_ijrse_final.pdf

Gonzales, G. C. (2019). Pagsusuri sa mga gawaing pasulat ng mga mag-aaral sa baitang 7 tungo sa pagpapaunlad

ng pagtuturo sa intelekwalisadong pagsulat. [Conference paper]. *The SUMMIT 2019* , 232-257. Retrieved from https://rpo.ua.edu.ph/wp-content/uploads/2023/10/7.-Summit-2019-Pagsusuri-sa-Gawaing-231.pdf

*How do I use correct punctuation when I write my research paper in English?* (2020, September 2). Retrieved from Charlesworthh Author Services: https://www.cwauthors.com/article/How-do-I-use-correct-punctuation-when-I-write-my-research-paper-in-English-The-importance-of-correct-punctuation-in-academic-writing

Ibañez, S. & Bruma, R. D. (225). Gamit ng Filipinong salita sa social media: Isang pagsusuri. *International Journal of Research Studies in Education , 14*(15), 167-182. Retrieved from https://consortiacademia.org/wp-content/uploads/2023/v14i15/25283_final.pdf

Isaqov, Z. & Durdonahan, T. (2022, November). The importance of using punctuation correctly. *International Journal of Innovative Research in Science, Engineering and Technology (IJIRSET) , 11*(11), 1-9. https://www.ijirset.com/upload/2022/november/77_Tojiboyeva1.pdf

Jardin, A. A. (2026). *Pagbasa tulay ng pag – asa*. Retrieved from Schools Division Office of Masbate: https://www.depedmasbatecity.com/pagbasa-tulay-ng-pag-asa/

Jimmy, K. K. & Germain, P. L. D. E. B. M. (2025, May). The unexpected effect of punctuation on text interpretation. *IOSR Journal of Business and Management (IOSR-JBM), 27*(5), 9-17. https://www.iosrjournals.org/iosr-jbm/papers/Vol27-issue5/Ser-13/B2705130917.pdf

Luchina, P. B. (2026). Common grammatical errors in the persuasive essays of Grade 10 learners: Implication for English language instruction. *International Journal of Research Studies in Education, 15*(5), 213-227. Retrieved from https://consortiacademia.org/wp-content/uploads/2023/v15i05/26109_final.pdf

*Mababang kasanayan ng mga estudyante, resulta ng pagpapabaya ng estado sa edukasyon*. (2023, December). Retrieved from Philippine Revolution Web Central: https://philippinerevolution.nu/angbayan/mababang-kasanayan-ng-mga-estudyante-resulta-ng-pagpapabaya-ng-estado-sa-edukasyon/

Macarandan, N. G., Lambojon, L. C., & Dioso, J. K. G. (2023). *Ultimate learning guide to Filipino.* Sampaloc, Manila: Ultimate Learning Series.

Magno, J. M., Magno, M. R. M. & Abagon, B. S. (2025). Kaalaman sa pagbuo ng pangungusap ng mga mag-aaral na nasa grade 11. *American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR) , 9*(12), 200-208. Retrieved from https://www.ajhssr.com/wp-content/uploads/2025/12/U25912200208.pdf

Marcelo, E. (2025, April 12). *Philippine participates anew in PISA; better results seen*. Retrieved from PhilStar: https://www.philstar.com/headlines/2025/04/12/2435379/philippine-participates-anew-pisa-better-results-seen

Misa, R. M. (2021). Kakayahan sa panggramatikang Filipino ng mga mag-aaral ng grade 9 laboratory high school ng President Ramon Magsaysay State University. *American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR), 5*(10), 58-68. Retrieved from https://d1wqtxts1xzle7.cloudfront.net/73433291/I215105868-libre.pdf?1634975959=&response-content-disposition=inline%3B+filename%3DKAKAYAHAN_SA_PANGGRAMATIKANG_FILIPINO_NG.pdf&Expires=1777803281&Signature=CA0qvoSEimhzAXOWSl91M8cgsZf6ufmPACtPaQMKyCgJPXvSiti

Pimentel, J. L. (2019, April). Some Biases in Likert Scaling Usage and its Correction. *International Journal of Sciences: Basic and Applied Research (IJSBAR)*, *45*(1), 183-191. Retrieved from Researchgate.net: https://www.gssrr.org/JournalOfBasicAndApplied/article/view/9874/4329

*Reading for pleasure — a door to success*. (2026). Retrieved from National Library of New Zealand: https://natlib.govt.nz/schools/reading-engagement/understanding-reading-engagement/reading-for-pleasure-a-door-to-success

Saadillah., Pangestu, M. A. & Fajrianor. (2023, June). Reading materials for individual learning: Sources and challenges. *ELITE Journal, 5*(2), 433-440. Retrieved from

https://www.elitejournal.org/index.php/ELITE/article/view/154

Sajid, M. & Siddiqui, J. A. (2015, October). Lack of academic writing skills in English language at higher education level in Pakistan: Causes, effects and remedies. *International Journal of Language and Linguistics , 2*(4), 174-185. Retrieved from https://ijllnet.thebrpi.org/journals/Vol_2_No_4_October_2015/20.pdf

Sevilla, J. I. G., Agamao, L. P. & Castro, P. R. (2026). Punctuation Proficiency, Error Patterns, and Contributory Factors among Grade 11 Learners: Evidence from a Philippine Senior High School. *Asian Research Journal of Education, 3*(2), 776-784. Retrieved from https://ojs.myeduheart.com/index.php/arje/article/view/323/317

Shahzad, U., Hussain, M. & Saleem, S. M. S. (2023). Online news displaces print newspaper: Media students' preferences and perceptions. *Global Digital & Print Media Review, 6*(2), 264-273. https://www.humapub.com/admin/alljournals/gdpmr/papers/ntDRlc6ffj.pdf

Spinner, J. (2024, May 9). *Digital natives in student media reluctant to give up print even when their readers already have*. Retrieved from Gateway Journalism Review: https://gatewayjr.org/digital-natives-in-student-media-reluctant-to-give-up-print-even-when-their-readers-already-have/#:~:text=Before%20most%20college%20students%20in,a%20November%202023%20Pew%20report

Walburg, E. (2020, June 25). *7 reasons you should be reading for fun*. Retrieved from Cornerstone University: https://www.cornerstone.edu/blog-post/7-reasons-you-should-be-reading-for-fun/#:~:text=Reading%20tends%20to%20be%20a,work%2C%20personal%20and%20school%20life

*Why Is reading important for student success?* (2025). Retrieved from Faith Christian School: https://www.faith.qld.edu.au/why-is-reading-important-for-student